# Mula sa Municipal Water ng San José

## Mga Tip para Makatipid sa Pera at Tubig!

CITY OF SAN JOSE
CAPITAL OF SILICON VALLEY
*Environmental Services*

**Magtipid ng 1,500 galon – 2 daang cubic feet – sa isang buwan para makaipon sa pamamagitan ng madadaling pagkilos na ito:**

### Makatipid ng 750 galon sa Kusina:

- Balatan at linisin ang mga gulay sa isang malaking palanggana ng tubig sa halip na sa tubig sa gripo.
- Punuin ang iyong lababo o palanggana kapag naghuhugas at nagbabanlaw ng mga pinggan.
- Patakbuhin lang ang dishwasher kapag puno ito.
- Magtapon lang ng basura kapag kinakailangan (magandang alternatibo ang pagko-compost).

### Makatipid ng 750 galon sa Labahan:

- Maglaba lang kapag puno ang washing machine.

### Makatipid ng 1,500 galon sa banyo:

- Maligo nang mas mabilis.
- Isara ang tubig kapag nagsisipilyo, nag-aahit, at nagsasabon sa shower. Punuin ang lababo kapag nag-aahit.
- Kumpunihin ang mga may tagas na inodoro. Magdagdag ng 12 patak ng food coloring sa tangke, at kung makikita ang kulay sa inodoro pagkalipas ng isang oras, may tagas ang iyong inodoro.
- Ipunin ang tubig sa isang balde kapag iniinit ang shower/tubig panligo upang magamit sa ibang pagkakataon para sa pagdidilig ng mga halaman.
- Ang pinakamalaking pinagmumulan ng paggamit ng tubig sa loob ng bahay ay mula sa mga inodoro. Kung ang tubig sa inodoro ay dilaw, hayaan lang ito sa ibabaw – kung brown naman ito, i-flush na ninyo.

### Makatipid ng 1,500 galon sa bakuran:

- Dahil nasa forecast pa rin ang pag-ulan, i-adjust ang timer ng iyong irigasyon at bawasan o ihinto ang pagdidilig.
- Irigasyon ang pinakamalaking pinagmumulan ng paggamit ng tubig sa isang bahay.
- Mabubuhay ang mga damuhan nang ilang linggo kahit hindi dinidiligan.
- Tuluyang ihinto ang irigasyon sa damuhan upang makatipid ng pinakamalaking halaga sa iyong bill.
- Para sa iba pang uri ng mga halaman o tip sa irigasyon, tingnan ang website ng South Bay Green Gardens.
- Kung ang damuhan sa U.S. na may karaniwang laki ay didiligan nang 20 minuto araw-araw sa loob ng 7 araw, katulad ito ng pagpapatakbo ng shower nang tuloy-tuloy sa loob ng 4 araw o pagligo nang 800 beses!

### Iba pang tip:

- **Kumpunihin ang mga tagas sa tubig sa lalong madaling panahon** – Ayusin ang mga nakikitang tagas sa loob ng 5 araw ng negosyo.
- Bisitahin ang aming page tungkol sa mga tagas upang malaman kung paano matutukoy kung may mga tagas sa tubig at kung paano ayusin ang mga ito. Ang mga tagas sa bahay ang dahilan ng nasasayang na 10,000+ galon ng tubig para sa karaniwang pamilya sa U.S. kada taon!
- **Walisin ang mga sementadong lugar** – Gumamit ng walis tingting sa halip na hose upang linisin ang mga sementadong lugar at makatipid.
- **Gumamit ng mga nozzle na awtomatikong namamatay** – Gumamit ng mga hose na may nozzle na awtomatikong namamatay kapag binitawan ang hawakan. Makakatulong ito sa iyong maitutok at makontrol ang tubig at makakatipid ito ng maraming galon.
- **Paghuhugas ng iyong sasakyan** – Gumamit ng isang balde ng tubig para hugasan ang sasakyan. O kaya, ang mas mainam gawin - hayaan ang kalikasan na hugasan ang iyong sasakyan kapag umuulan.

*Ang mga pagtataya ay batay sa karaniwang pagkonsumo para sa isang pamilyang binubuo ng apat na tao para sa isang buwan. 1 HCF = 748 galon.